## MGA NAGLALAKBAY NA ESPESYAL NA EKSIBISYON

Tuklasin ang bago at kapana-panabik na mga naglalakbay na eksibisyon na espesyal na ginawa para sa mga bata. Ang mga naglalakbay na eksibisyon ay maaari lang makita sa limitadong panahon, kaya siguraduhing makita ang mga ito bago ito mawala! Bisitahin ang childrensmuseum.com para sa impormasyon sa anumang naglalakbay na mga eksibisyon na maaaring bukas sa iyong susunod na pagbisita.

## DAY CAMPS

Nag-aalok ang Children's Museum ng mga kampo sa araw na puno ng saya na magpapagalaw sa isip at katawan ng mga bata sa panahon ng bakasyon tuwing tagsibol at tag-init. Sa mga panloob at panlabas na aktibidad, mga laro, sining, oras sa mga gallery, mga espesyal na panauhin, at mga field trip, ang mga bata ay siguradong magkakaroon ng isang di malilimutang linggong puno ng pakikipagsapalaran sa aming mga kampo sa araw. Magrehistro online o tumawag sa 204.924.4014 para sa karagdagang kaalaman.

## SHOP

Ang aming award-winning na pamilihan ay puno ng makabagong mga produkto para sa mga bata. Ang pamilihan ay isang mahusay na lugar upang pumili ng souvenir ng iyong karanasan sa museo, upang pumili ng meryenda para sa iyong pagbisita, upang makahanap ng espesyal na regalo, o upang bumili ng goodie bags para sa kaarawan o espesyal na mga kaganapan. At higit sa lahat, ang mga pagbili na ginawa sa Pamilihan ay sumusuporta sa Children's Museum.



# ORAS NG MUSEO

**Linggo hanggang Huwebes 9:30AM – 4:30PM**
**Biyernes at Sabado 9:30AM – 6:00PM**

## PINAHABANG ORAS TUWING TAG-INIT

(may bisa simula Hulyo 1 hanggang Labour Day)
Bukas araw-araw mula 9:30 am – 6:00 pm

## MGA TAUNANG PAGSARA

4 na araw pagkatapos ng Labour Day
Disyembre 24 & 25

## ADMISSION AT MEMBERSHIP RATES

Para sa kasalukuyang mga presyo sa pagpasok at pagsapi, tawagan ang aming linya ng impormasyon sa 204.924.4000 o bisitahin ang childrensmuseum.com

## PARA SA IYONG KAALAMAN

1. Ang Children's Museum ay may karapatang limitahan ang pag pasok ng mga bata na walang gabay ng matanda, gayundin ng mga matatanda na walang kasamang mga bata.
2. Ang mga serbisyo ay makukuha sa Wikang Ingles at Pranses. Magtanong tungkol sa paggamit ng mga serbisyo sa iba pang mga wika.
3. Ang mga bata ay kinakailangang magsuot ng angkop na pangloob na sapatos sa mga gallery ng museo.
4. Bilang kagandahang-loob sa mga bisita na may allergy na maaaring magbanta sa kanilang buhay, mangyaring huwag magdala ng mga produktong naglalaman ng mani sa museo.
5. Ang mga lobo na may helium ay hindi pinapayagan sa museo at ikukumpiska sa Admissions kung dadalhin sa pasilidad.
6. May mga stroller at silyang de-gulong na maaaring rentahan.
7. Ang mga mapagkukunan ng Explore-Abilities Access Program kabilang ang mga sunglasses, fidget toy, ear defender at ang UbiDuo 2 Way Communication Device, pati na rin ang access sa isang itinalagang tahimik na lugar bukod sa mga gallery ng museo ay maaaring gamitin sa iyong nais.
8. Mayroong nakalaan na mesa kung saan maaaring magpalit, silid ng pag-aalaga, palikuran para sa pamilya, at lugar para mag meryenda.
9. Ang mga locker ay maaaring gamitin sa halagang $1 na hindi na maibabalik.
10. Ang mga oras at presyo ay maaaring magbago nang walang abiso.

# TUNGKOL SA AMIN

**ANG CHILDREN'S MUSEUM AY UMIIRAL UPANG MAGKISLAP NG MALIKHAING PAG-AARAL SA MGA BATA.**

Bilang isang non-profit na pangkawanggawang organisasyong, naniniwala kami sa potensyal ng lahat ng bata at nagbibigay ng mainteraksyon na kapaligiran na nangangalaga sa kapangyarihan ng imahinasyon at diwa ng pagtuklas sa sarili. Sa loob ng mahigit 30 taon, kami ang lugar ng mga pamilya para maglaro, tumawa, matuto, at umunlad.

## HANAPIN KAMI SA THE FORKS!




@childmuseumwpg


**children's museum**

45 Forks Market Road
Winnipeg, MB R3C 4T6
Linya ng impormasyon 204.924.4000
Linya ng fax 204.956.2122

**childrensmuseum.com**



Ang Children's Museum ay isang rehistradong non-profit na pangkawanggawang organisasyong (#10348 0943 RR0001)

VIB03-19E

# IMPORMASYON PARA SA MGA BISITA



children's museum

# ANG MGA GALLER

**Itinayo noong 1889, matatagpuan ang Children's Museum sa pina**
**ng tren sa Western Canada at tahanan ng labindalawang kapana**
**ng ibang tradisyonal na museo kung saan ipinagbabawal ang pa**
**laging handa para sa aktwal na kasiyahan! Ang pinakabagong m**
**ay nagsama-sama sa malikhaing pagkakataon sa Children's Muse**
**karanasan sa pag-aaral na may layong makaaaliw habang ito ay**

## 1. TIME SQUARED

Ang bawat bayan ay nangangailangan ng isang sentrong lugar ng pagpupulong upang magbahagi ng mga kapana-panabik na kwento, makapagpahinga bago ang susunod na malaking pakikipagsapalaran, o upang magplano ng isa pang serye ng mga pagtuklas! Isabay ang inyong mga relo sa Square Clock Tower at magpatuloy tayo!

## 2. TOT SPOT

Ang pagpunta doon ang pinakamasaya - lalo na kung ikaw ang pinakamaliit na bisita sa museo. Ang mga sanggol o maliliit na bata ay sumasakay, naglalakad, o gumagapang papuntang mga tulay at lagusan. Kaya iparada ang iyong stroller sa Stroller Park at tuklasin ang maliit na bersyong ito ng Children's Museum.

## 3. TUMBLE ZONE

Ito ba ay pantasiya ng isang tagabuo, isang ambisyosong proyekto sa pagpaplano ng lunsod, o isang laro? Nasa loob ang lahat ng mga bagay na kailangan mo upang lumikha ng iyong sariling lungsod gamit ang kakaiba at hindi pangkaraniwang mga piraso na pumapalit sa tradisyonal na mga bloke ng gusali.

## 4. MELLOW MARSH

Dito sa organikong kahon, ang mga bisitang kasing laki ng surot ay naglalakad sa ilalim ng malahiganteng dahon upang hangaan ang mga bulaklak. Ngunit ang mga bulaklak na ito ay higit pa sa paningin. Ang pin screen at art machine flowers ay para sa paghawak at pag-iwan ng iyong marka!

# RY




**akaluma at natitirang pasilidad sa pagkukumpuni -panabik na permanenteng mga gallery. Hindi tulad g hawak sa mga exhibit, ang aming mga gallery ay ga inobasyon sa edukasyon at disenyo ng eksibit eum upang magbigay ng isang makabuluhang nagbibigay aral.**

## 5. STORY LINE

"Nakarating na ba tayo?" ay hindi maririnig sa mga bisita habang nakasakay sa Story Line tren na nakabatay sa literasiya. May anim na destinasyon ang maghahatid sa mga bisita kung saan man nila maisip - mula sa kalawakan hanggang sa kailaliman ng dagat, tinutuklas ng Story Line ang lahat ng ito.

## 6. ENGINE HOUSE

Gamit at pingga, tubo at kalo - ito ang mga bahaging tumutulong sa pagpapatakbo ng tunay na tren. Sa Engine House, makikita mo ang loob ng isang aktwal na makina ng tren at magsagawa ng iyong sariling aksyon sa makina ng tren!

## 7. JUNCTION 9161

Ang Junction 9161 ay tungkol sa tren – ang makapangyarihang makina ng tren na bumubuo sa gulugod ng karanasan sa museo! Nakatayo ka man sa loob o labas, maaari mong tuklasin ang kalubhaan ng husay nang makinang ito.

## 8. ILLUSION TUNNEL

Ano ang totoo? Ano ang hindi totoo? Paano naiiba ang nakikita mo sa kung ano ang totoo? Maaari bang dumagundong ang tren sa linya papunta sa tunnel? Gamit ang sapilitang pananaw, naaakit ka sa higanteng padulasan na ito upang subukan ang iyong pang-unawa.




### 9. MILK MACHINE

Nakikita mo ba ang nakikita ng baka? Naririnig mo ba ang naririnig ng baka? Siyempre kaya mo, kung ikaw ay nasa Cow Controls sa Milk Machine! Kapag pinasok mo ang HIGANTENG kahon na baka na ito, magkakaroon ka ng ‘dairy good time’.

### 10. SPLASH LAB

Kumuha ng makintab na jaket pang laboratoryo at sumali sa saya! Naglalaro ka man sa tabi ng napakalaking pader ng bula, nagkakatuwaan sa lamesa ng tubig, o tinatapos ang lahat sa pamamagitan ng isang eksperimento, mag-ingat - may tubig sa lahat ng dako.

### 11. POP M’ART

Hindi ito ordinaryong tindahan, at hindi rin ito isang art exhibit. Ano kaya ito? Ito ay isang Pop m’Art - kung saan ang mga bata ay maaaring “mamili” ng mga recycled na gamit at lumikha ng mga gawa ng sining. Ang mga materyales ay palaging nagiiba, ang mga likha ay nagbabago - ang puwang na ito ay isang sining ngunit sa mas malaking sukat.

### 12. LASAGNA LOOKOUT

Napaglaruan mo na ba ang iyong pagkain? Ang pagkain na ito ay makikipaglaro sayo! Lasagna na maaari mong akyatin at tahakin sa iba’t ibang pagkakataon, ngunit palagiang magtatapos sa tuktok ng Lasagna Lookout. Subukan ang Rigatoni Roller at Spaghetti Forest, o magpahinga sa Ravioli Pillows.

# MGA KARAGDAGAN!

## MGA PROGRAMA PARA SA PAARALAN

Mula Setyembre hanggang Hunyo, nag-aalok ang museo ng iba't ibang mga programa sa paaralan para sa mga klase mula Nursery hanggang ika-limang baiting (Grade 5). Matutuklasan ng mga mag-aaral ang mundo sa kanilang paligid sa pamamagitan ng mga mainteraksyon na aktibidad at pagtuklas sa gallery. Magparehistro online o tumawag sa 204.924.4005 para sa karagdagang impormasyon.

## MGA KAARAWAN AT PAGRENTA NG MGA PASILIDAD

Ang Children's Museum ay isang natatanging lugar na maaaring gamitin sa panahon o pagkatapos ng regular na oras para sa mga kaarawan, pagpupulong, at iba pang espesyal na kaganapan. Magparehistro online o tumawag sa 204.924.4004 para sa karagdagang impormasyon.

## EATON'S FAIRYTALE VIGNETTES

Bukas depende sa panahon, ang pinaka-minamahal na Winnipeg display na ito ay orihinal na makikita sa dating Eaton's Mall sa downtown ay nakahanap ng tahanan sa Children's Museum. Tuwing Nobyembre at Disyembre, maglakad-lakad ka sa display na ito at maaaring matagpuan si Santa sa alinman sa aming mga espesyal na kaganapan tuwing holiday!



